**SUPERIOR COURT NG ESTADO NG CALIFORNIA, COUNTY NG ALAMEDA**

## ATTACHMENT NG PLEA SA MISDEMEANOR: VC 14601 MGA PARUSA

ANG TAUMBAYAN v. ______________________________________________ KASO BLG.:_________

**MGA TAGUBILIN**: Basahin ang form na ito kung guilty o no contest ang ipi-plead mo sa mga kaso ng pagmamaneho nang may nakasuspinde, nabawi, o pinaghihigpitang lisensya. Lagdaan lang ang form kung ganap mo itong nauunawaan. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa form na ito, magtanong sa iyong abugado o sa hukom. Isumite ang form na ito kasama ng form na **Abiso sa Mga Karapatan, Waiver, at Plea sa Misdemeanor.**

| **MGA SENTENSYA PARA SA PAGMAMANEHO NANG LUMALABAG SA PAGKAKASUSPINDE, PAGBAWI, O PAGHIHIGPIT SA LISENSYA** | | |
|---|---|---|
| **Seksyon ng Kodigo ng Sasakyan** | **Unang Paglabag** | **Ikalawa o Sumunod na Paglabag; Mga Naunang Paglabag sa Loob ng 5 Taon ng Seksyon 14601, 14601.1, 14601.2, o 14601.5** |
| 14601 | Pagkakabilanggo: 5 araw hanggang 6 na buwan<br>Multa: $300 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. | Pagkakabilanggo: 10 araw hanggang 12 buwan; mandatoryong 10 araw na pagkakabilanggo na may probation.<br>Multa: $500 hanggang $2,000, dagdag pa ang assessment sa multa. |
| 14601.1 | Pagkakabilanggo: Hanggang 6 na buwan.<br>Multa: $300 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. | Pagkakabilanggo: 5 araw hanggang 12 buwan<br>Multa: $500 hanggang $2,000, dagdag pa ang assessment sa multa. |
| 14601.2 | Pagkakabilanggo: 10 araw hanggang 6 na buwan; mandatoryong 10 araw na pagkakabilanggo na may probation.<br>Multa: $300 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Kinakailangan ng Ignition Interlock Device. | Pagkakabilanggo: 30 araw hanggang 12 buwan; mandatoryong 30 araw na pagkakabilanggo na may probation.<br>Multa: $500 hanggang $2,000, dagdag pa ang assessment sa multa. Kinakailangan ng Ignition Interlock Device. |
| 14601.2 bilang Habitual Traffic Offender | Kung naitalaga ako bilang habitual traffic offender sa loob ng tatlong (3) taon mula sa hatol na ito, sesentensyahan ako na mag-serve ng **dagdag na 180 araw sa bilangguan** at magbayad ng **dagdag na $2,000 na multa,** na may dagdag pang assessment sa multa. [Kodigo ng Sasakyan (Vehicle Code, VC) 14601.3 (e)(3)] | |
| 14601.5 | Pagkakabilanggo: Hanggang 6 na buwan.<br>Multa: $300 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. | Pagkakabilanggo: 10 araw hanggang 12 buwan; mandatoryong 10 araw na pagkakabilanggo na may probation.<br>Multa: $500 hanggang $2,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>**Tandaan:** Kasama rin sa seksyon 14601.3 ng Kodigo ng Sasakyan ang isang naunang hatol para sa paglabag na ito. |
| **Seksyon** | **Unang Paglabag** | **Ikalawa o Sumunod na Paglabag; Mga Naunang Paglabag sa Loob ng 7 Taon ng Seksyon 14601.3** |
| 14601.3 | Pagkakabilanggo: 30 araw.<br>Multa: $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. | Pagkakabilanggo: 180 araw.<br>Multa: $2,000, dagdag pa ang assessment sa multa. |

| SENTENSYA PARA SA PAGMAMANEHO NANG WALANG VALID NA LISENSYA [SEKSYON 12500(a) NG KODIGO NG SASAKYAN |
| --- |
| Pagkakabilanggo: Hanggang 6 na buwan. Multa: Hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa. |

## ATTACHMENT NG PLEA SA MISDEMEANOR: VC 14601 MGA PARUSA

1. **Pag-impound:** Nauunawaan ko na kung ako ang nakarehistrong may-ari ng sasakyang ginamit sa paglabag na ito, puwedeng i-impound ng hukuman ang sasakyan, nang ako ang magbabayad, sa loob ng hanggang 180 araw sa una kong hatol, at hanggang 12 buwan para sa isang sumunod na hatol. (VC 14602.5, 23592)

2. **Ignition Interlock:** Nauunawaan ko na kung mahahatulan ako para sa paglabag sa seksyon 14601.2 o seksyon 14601, 14601.1, o 14601.5 ng Kodigo ng Sasakyan bilang mas magaang paglabag sa isang kaso sa seksyon 14601.2, iaatas ng hukuman na maglagay ako ng ignition interlock device sa anumang sasakyang pag-aari o pinapatakbo ko nang hanggang 3 taon, kung saan pipigilan ng device ang sasakyan na umandar kung may anumang alcohol sa aking katawan, at ako ang gagastos sa maayos na pagmementina ng device na iyon. Nauunawaan ko ring ang paglalagay ng device na ito ay hindi nagpapahintulot sa akin na magmaneho nang walang valid na lisensya. (VC 23575)

3. **Hiwalay ang Mga Aksyon ng DMV**: Nauunawaan ko na magagawa ng Departamento ng Mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles, DMV) na paghigpitan, suspindihin, o bawiin ang aking lisensya, iatas na tapusin ko ang isang programa para sa nakainom na driver, at iatas na maglagay ng ignition interlock device dahil sa pagkakaaresto o paghatol sa akin. Nauunawaan ko na karagdagan at hiwalay ang mga aksyong ito sa mga aksyong gagawin ng hukuman.

4. **Pagbebenta ng Sasakyan:** Nauunawaan ko na kung ako ang nakarehistrong may-ari ng sasakyang minaneho ko sa paglabag na ito, puwedeng ideklara ng hukuman ang sasakyan bilang nuisance at iatas na ibenta ito kung dati na akong nahatulan para sa paglabag sa seksyon 12500(a), 14601, 14601.1, 14601.2, 14601.3, 14601.4, o 14601.5. (VC 14607.6) ng Kodigo ng Sasakyan

**Nabasa at nauunawaan ko ang lahat ng impormasyon sa dalawang pahinang ito.**

Petsa: ____________ ▶ ____________________________________________

(LAGDA NG NASASAKDAL)